ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAKIKIHAMOK NG MGA BSED-FILIPINO PRE-SERVICE TEACHERS SA PAGBABALIK NG IN-PERSON PRACTICUM: ISANG KWALITATIBONG PANANALIKSIK

**Conie B. Cerna[1], Shirrey Ian B. Abueva, PhD[2]**
*[1]Full-Time Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*ORCID No.: 0009-0008-1170-3234*
*[2]Teacher, Atty. Orlando S. Rimando National High School*
*ORCID No.: 0009-0001-8069-6524*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra16025**
**DOI No: 10.36713/epra16025**

## ABSTRAK

*Ang layunin ng pag-aaral na ito ay patungkol sa pakikihamok ng mga BSED Filipino pre-service teachers sa pagbabalik ng in-person na practicum. Ito ay partikular na tutuklas sa mga hamon na kinakaharap ng mga BSED-Filipino pre-service teachers, ang mekanismo ng pagharap na kanilang ginagamit, at pananaw kung paano tutulungan ang mga praktikumers sa suliranin. Saklaw ng pananaliksik na ito ang mga karanasan ng labing-apat (14) na mga BSED Filipino pre-service teachers sa mga pampublikong paaralan ng kolehiyo na matatagpuan sa Davao del Norte at Davao de Oro sa taong panuruan 2023-2024. Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante tungkol sa naranasang mga hamon ay ang mga sumusunod na tema: pangangamba sa harapang pagtuturo; mahirap na pangangasiwa sa silid-aralan; suliranin sa pamamahala ng oras; kakulangan sa kahandaan para sa agarang pagbabalik ng in-person practicum; at problema sa pinansyal na aspeto. Tungkol naman sa pamamaraan nila sa pagharap ng mga nasabing hamon, lumabas ang mga sumusunod na tema: pagkakaroon ng matibay na support system; pagpapanatili ng positibong pananaw sa pagtuturo; pagganyak sa interes ng mga mag-aaral; at pagpapanatili ng pasensya bilang practicumer. Tungkol naman sa kanilang mga pananaw sa in-person practicum, lumutang ang mga sumusunod na tema: in-person practicum bilang isang makabuluhang karanasan; in-person practicum bilang mapaghamong karanasan; at isang multi-task na propesyon. Magiging kapaki-pakinabang ang pag-aaral na ito sapagkat ito ay nagbibigay ng malalim na pag-unawa sa mga hamon at oportunidad na kinakaharap ng mga guro sa kasalukuyang panahon, lalo na sa konteksto ng pagbabago sa sistema ng edukasyon. Sa pamamagitan nito, nakapagbibigay ito ng mahahalagang kabatiran at rekomendasyon upang mapahusay ang kasanayan at kahandaan ng mga guro, na siyang susi sa pagtataguyod ng de-kalidad na edukasyon para sa lahat.*

**MGA SUSING SALITA***: in-person practicum, BSED Filipino, pre-service teachers, harapang pagtuturo, mga mag-aaral, probinsya ng Davao del Norte, probinsya ng Davao de Oro*

## INTRODUKSYON

Ang paglipat mula sa online na pag-aaral tungo sa face-to-face na practikum ay nagpapakita ng isang malaking hamon para sa mga pre-service teachers, habang sila ay nakikipagbuno sa kawalan ng pagkakaayon sa pagitan ng teoretikal na kaalaman na nakuha sa pamamagitan ng mga birtwal na plataporma at ang praktikal na aplikasyon na kinakailangan sa mga pasilidad ng silid-aralan. Bagama't maaaring nakakuha sila ng matatag na pag-unawa sa mga teorya at pamamaraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng mga online na kurso, ang paglipat sa personal na practikum ay nagpapataas ng mga lehitimong alalahanin. Ang kawalan ng pisikal na presensya at tunay na dinamika sa silid-aralan sa panahon ng kanilang mga karanasan sa online na pag-aaral ay maaaring nagdulot ng mga damdamin ng pagkabalisa at pagdududa sa sarili, na humahadlang sa kanilang kumpiyansa at kakayahan habang sinisimulan nila ang kanilang harapang praktikum o paglalakbay sa pagsasanay.

Sinaliksik ng ilang pag-aaral ang mga alalahanin ng mga pre-service teachers sa mga bansa sa Southeast Asia kapag lumipat mula sa online na pag-aaral patungo sa face-to-face na practikum. Halimbawa, natuklasan ng isang pag-aaral nina Lee at Sim (2020) sa Malaysia na ang mga pre-service teachers ay nagpahayag ng pangamba tungkol sa pamamahala ng disiplina sa silid-aralan at pagpapanatili ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa panahon ng personal na pagtuturo ng praktikum, dahil ang kanilang teoretikal na kaalaman ay pangunahing nakuha sa pamamagitan ng mga online na plataporma. Bukod pa rito, sa isang pag-aaral ni Nguyen et al. (2019) sa Vietnam, nag-ulat ang mga pre-service teachers na nababalisa tungkol sa pagbuo ng kaugnayan sa mga mag-aaral at pag-angkop sa kanilang mga

diskarte sa pagtuturo upang matugunan ang iba't ibang istilo ng pagkatuto sa panahon ng mga pakikipag-ugnayan nang harapan, dahil ang mga kasanayang ito ay hindi sapat na naisagawa sa online na pag-aaral. Dagdag pa rito, nagbukas ang mga paaralan ng Singapore na nagdulot ng pagkabalisa sa pag iisip ng mga pre-service teachers sapagkat sila ay magtutungo na sa paaralan para sa kanilang in-person practikum sa kabila ng katotohanang ramdam nila ang kakulangan ng kanilang kaalaman sa pagpapatakbo face-to-face na pagtuturo (Low & Tam, 2020).

Samantala, sa Pilipinas, isang pananaliksik na isinagawa nina Tan at Lim (2018) nagbibigay-diin na ang mga pre-service teachers ay nag-aalala tungkol sa kanilang kakayahang epektibong mapangasiwaan ang mga praktikal na aspeto ng pagtuturo, tulad ng pagpaplano ng aralin at paghahatid ng pagtuturo, dahil sa limitadong pagkakalantad sa mga tunay na kaligiran ng silid-aralan sa panahon ng kanilang online na edukasyon. Dagdag pa rito, sinabi rin nila Ismail & Jarrah (2019) na ang mga pre-service teachers ay nakararanas ng matinding pagkabalisa sapagkat sila ay magtuturo na sa mga paaralang siyang magiging kanilang laboratoryong paaralan para sa kanilang pagsasanay. Nakadarama sila ng labis na pangamba sapagkat sila ay naniniwala na ang kanilang mga natutuhan sa panahon ng pandemya partikular na sa online na edukasyon ay hindi pa sapat. Ngunit, sila ay walang magagawa sapagkat ang kanilang in-person practicum ay bahagi ng kanilang kurikulum bilang isa sa mga experiential learning courses.

Dagdag pa rito, sa lokalidad ng Kapalong, Davao del Norte, kung saan nagtuturo ang mananaliksik, ay kapansin-pansin ang kaba at pangamba ng mga pre-service teachers ng BSED-Filipino tungkol sa pagbabalik ng kanilang in-person na praktikum. Marami sa kanila ang aminadong hindi pa lubusang handa sa pagtuturo ng mga bata dahil sa kakulangan ng kanilang in-person na karanasan dala ng distance learning nila sa nagdaang dalawang taong panuruan dulot ng COVID-19 pandemic. Sa pakiwari nila ay hindi pa sapat ang kanilang kaalaman, kasanayan, at saloobin sa pagtuturo ng Filipino sa aktwal na mga mag-aaral dahil ang kanilang mga field study (FS) ay hindi rin nangyari sa harapang pamamaraan na hindi sana ay nakapaghanda sa kanila kahit papaano.

Samantala, may ilang pananaliksik na pag-aaral na isinagawa pananaw ng mga pre-service na guro tungkol sa muling pagbubukas ng mga harapang klase. Isa sa mga ito ay nakatutok sa paggalugad ng pre-service na pagganyak ng mga guro sa frontier region – pangunahing ibinibida ang pagtuturo ng practicum program sa muling pagbubukas ng mga klase ni Maiza et al. (2020). Isa pang pag-aaral ang naggalugad sa kwalitatibong eksplorasyon sa mga paniniwala ng pre-service EFL teachers tungkol sa karanasan sa in-person practicum sa paaralan pagkatapos ng pandemya ni Ufuk (2022). Sa katunayan, isang pananaliksik din ang nag-imbestiga sa mga paghihirap na nararanasan ng mga pre-service na guro ukol sa in-person practicum sa gitna ng pandemya ni Napanoy et al. (2021). Gayunpaman, isinagawa sa lokalidad ng pag-aaral na ito na nakatutok sa mga pakikihamok ng mga BSED-Filipino pre-service teachers sa pagbabalik ng in-person practicum, kaya ito ang magsisilbing batayan para sa kakulangan sa. Upang punan ang puwang na ito, isasagawa ko itong kwalitatibong pananaliksik gamit ang penomenolohikal na dulog para tuklasin ang nasabing problemang pang-edukasyon na kinakaharap ng mga pre-service teachers sa BSED Filipino.

Upang maibahagi ang makabuluhang impormasyon tungkol sa katotohanan ng pagtuturo ng mag-aaral sa muling pagbubukas ng mga harapang klase sa gitna ng pandemia, ilalahad ang mga ito sa pamamagitan ng mga aktibidad sa paaralan tulad ng Learning Action Cells, pagsasanay, seminar, workshop. Magkakaroon ng mga datos ang mga guro na nakabatay sa pananaliksik na magsisilbing kanilang basehan para sa mga programa at aktibidad na nakatuon sa penomena na kasangkot sa pananaliksik na ito.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang penomenolohikal na pananaliksik na ito ay patungkol sa pakikihamok ng mga BSED Filipino pre-service teachers sa pagbabalik ng in-person na practikum. Ito ay partikular na tutuklas sa mga hamon na kinakaharap ng mga BSED-Filipino pre-service teachers, ang mekanismo ng pagharap na kanilang ginagamit, at pananaw kung paano tutulungan ang mga praktikumers sa suliranin.

Sa yugtong ito ng pag-aaral, maituturing ang in-person practicum ng mga BSED-Filipino pre-service teachers bilang isang kursong kinasasangkutan ng mga aktibidad na nagbibigay-diin sa praktikal na aplikasyon ng teorya, lalo na kung saan ang isang estudyante ay nakakakuha ng on-the-job na karanasan sa isang larangan ng pag-aaral. Sa isang internship o practicum, ang mag-aaral ay nagiging bahagi ng isang organisasyon. Ibig sabihin, ito ang bahagi ng kanilang kolehiyo na kung saan ang mga BSED-Filipino pre-service teachers ay nabibigyan ng pagkakataon na mailapat sa aktwal na senaryo ang kanilang mga natutunang teorya.

**Mga Katanungan sa Pag-aaral**

1. Ano-ano ang mga nagiging karasanan ng mga BSED Filipino pre-service teachers sa kanilang pagsabak sa in-person practicum?
2. Paano hinarap ang mga hamong naranasan ng BSED Fiipino pre-service teachers sa kanilang pagsabak sa in-person practicum?
3. Ano-ano ang pananaw ng mga BSED Filipino pre-service teachers hinggil sa pagsabak sa in-person practicum na maari nilang ibahagi sa ibang pre-service teachers?

**Metodolohiya**

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng kwalitatibong pamamaraan partikular na ang penomenolohikal na istilo. Sa pananaliksik na ito, mayroong 14 na kalahok na mga BSED-Filipino pre-service teachers mula sa mga napiling kolehiyo sa Davao del Norte at Davao de Oro ang magiging bahagi ng mga gagawing panayam. Ang mga kalahok na ito ay lalahok sa mga panayam bilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pangunahing mapagkukunan ng mga datos sa pag-aaral na ito. Pitong (7) kalahok ang sasailalim sa malalimang panayam (IDI), habang ang pito (7) pang kalahok ay makikibahagi sa pokus na pangkatang talakayan (FGD).

Higit pa rito, gagamitin ang purposive sampling upang pumili ng mga kalahok para sa pananaliksik na pag-aaral na ito. ang mga kalahok na ito ay pipiliin gamit ang sumusunod na pamantayan: (1) dapat ay opisyal na na-enrol sa napiling kolehiyo ngayong taong panuruan ng 2023-2024; (2) dapat ay isang BSED-Filipino major na pre-service teacher; at (3) dapat ay kabilang sa mga maitatalaga sa in-person practicum sa isang pampublikong paaralan. Sa kabilang dako, hindi maaaring maging kalahok sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: (1) pre-service teachers na may ibang major; (2) ang mga hindi naka-enrol sa napiling kolehiyo; at (3) mga pre-service teachers na maitatalaga sa mga pribadong paaralan.

Bukod dito, gagamitin ang coding sa pagtukoy, pag-uuri, at pagkakategorya ng mga tugon ng mga kalahok sa panahon ng mga panayam upang makabuo ng konteksto ng mga pampakay na ideya tungkol dito. Sa pag-aaral na ito, gagamitin ko rin ang thematic analysis pagkatapos i-coding ang mga ideya at konsepto ng mga tugon. Sa proseso ng pag-aaral na ito, isasaalang-alang rin ang etikal na konsiderasyon upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga kalahok.

## MGA RESULTA

### Mga Karasanan ng mga BSED Filipino Pre-service Teachers sa Pagbabalik ng In-Person Practicum

Nang maanalisa ang tugon at kasagutan ng mga partisipante sa unang katanungan tungkol sa mga karanasan nila bilang BSED Filipino pre-service teachers sa pagbabalik ng in-person practicum ay isa-isa nilang inilahad ang mga hamong kinaharap nila sa naturang karanasan.

Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante ay nakabuo ang mga sumusunod na tema: (1) pangangamba sa harapang pagtuturo; (2) mahirap na pangangasiwa sa silid-aralan; (3) suliranin sa pamamahala ng oras; (4) kakulangan sa kahandaan para sa agarang pagbabalik ng in-person practicum; at (5) problema sa pinansyal na aspeto. Ang mga pangunahing ideya at mga tema tungkol sa mga naranasang hamon ay makikita sa unang talahanayan.

**Talahanayan 1**
**Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Tungkol sa mga Hamong Naranasan ng mga BSED Filipino Pre-service Teachers sa Pagbabalik ng *In-person Practicum***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Pangangamba sa Harapang Pagtuturo | Pagkabahala kung maisasagawa nang maayos ang tungkulin sa loob ng klase<br>Pagkasanay sa birtwal na pamamaraan ng pagkatuto<br>Pangangambang dulot ng *new normal* na sistema ng edukasyon<br>Pangangamba at takot sa paggawa ng wastong banghay-aralin<br>Pangangambang dala ng sari-saring abilidad ng mga mag-aaral at kanilang pagiging mas komportable sa wikang Ingles<br>Pangangamba sa mga hamon ng edukasyon sa pagbabagong dala ng pandemya |
| Mahirap na Pangangasiwa sa Silid-aralan | Pagkaramdam ng hamong dala ng epektibong pagbibigay ng emosyonal na suporta sa mga mag-aaral<br>Pagharap sa hamon ng pamamahala sa maiingay na mag-aaral<br>Pagdisiplina sa mga mag-aaral dahil sa kanilang iba't ibang asal<br>Pagharap sa mga mag-aaral na matitigas ang ulo at hindi nakikinig<br>Pakikibagay sa hindi kaaya-ayang pag-uugali ng mga mag-aaral<br>Pagpapatupad ng iba't ibang pamamaraan ng pagdisiplina |
| Suliranin sa Pamamahala ng Oras | Pagbibigay ng sapat na oras para maghanda sa klase<br>Pagkaiwan ng ibang asignatura dahil sa sobrang pagtutok ng atensyon sa praktikum<br>Pagka-apekto sa oras ng pagpapahinga, pre-review, at iba pa dahil sa *in-person practicum*<br>Pagbalanse ng oras bilang mag-aaral sa unibersidad at bilang *practicumer*<br>Pagka-apekto sa oras para sa pamilya at sarili dahil sa *in-person practicum*<br>Pagka-kumprumiso sa oras sa mga gawain sa simbahan |
| Kakulangan sa Kahandaan para sa | Pagkakaroon ng kakulangan sa natutunan mula sa higit dalawang taon na blended learning<br>Pagkukulang sa pagkalantad sa aktwal na pagtuturo |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| Agarang Pagbabalik ng In-person Practicum | Pagkawala ng sapat na aplikasyon sa mga natutunan mula sa online na pag-aaral<br>Pagkakaroon ng kasalatan sa kaalaman sa pagtuturo |
| Problema sa Pinansyal na Aspekto | Pagbabadyet ng pera para sa iba't ibang paglalaanan nito<br>Pagharap sa sabay-sabay na bayarin sa paaralan<br>Pagkakaroon ng kakulangan sa pera pambili ng mga kagamitan<br>Pagharap sa problema sa pera para pangtustos sa araw-araw na pangangailangan |

**Mga Pamamaraan sa Pagharap ng mga Hamong Naranasan ng mga BSED Filipino *Pre-service Teachers* sa Pagbabalik ng In-Person Practicum**

Nang maanalisa ang tugon at kasagutan ng mga partisipante sa ikalawang katanungan tungkol sa mga pamamaraang ginawa ng mga BSED Filipino *pre-service teachers* sa pagharap sa mga hamon ng *in-person practicum* ay isa-isa nilang inilahad ang kanilang mga estratehiya.

Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante ay nakabuo ng sumusunod na tema: (1) pagkakaroon ng matibay na support system; (2) pagpapanatili ng positibong pananaw sa pagtuturo; (3) pagganyak sa interes ng mga mag-aaral; at (4) pagpapanatili ng pasensya bilang practicumer. Ang mga pangunahing ideya at mga tema tungkol sa mga naranasang hamon ay makikita sa ikalawang talahanayan.

**Talahanayan 2**
**Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Tungkol sa mga Pamamaraan sa Pagharap ng mga Hamong sa Pagbabalik ng In-person Practicum**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Pagkakaroon ng Matibay na *Support System* | Pagtitiwala sa tulong ng suportang natatanggap mula sa pamilya, CT, at kapwa practicumers<br>Pagtatanong sa mga kakilalang dating *pre-service teachers* pati na rin sa mga CT<br>Paglinang ng kakayahan sa pagtuturo sa tulong ng suporta at *feedback* na binibigay ng CT<br>Paghingi ng mga suhestiyon at payo ng mga CT ukol sa pagtuturo bilang practicumers<br>Pagpapatatag ng kalooban sa tulong ng suportang bigay ng pamilya<br>Paghingi ng mga estratehiya mula sa mga CT na makakatulong sa pagtuturo bilang practicumers<br>Paghingi ng gabay mula sa mga CT na makakatulong sa pagtuturo bilang practicumers |
| Pagpapanatili ng Positibong Pananaw sa Pagtuturo | Pagtitiwala sa sariling kakayahan at pananalig sa Panginoon<br>Pagkakaroon ng motibasyon na maging isang ganap na guro sa hinaharap<br>Pagkakaroon ng motibasyon tungkol sa pangarap para sa sarili at sa pamilya<br>Pagkakaroon ng motibasyon na makaahon sa kahirapan<br>Pagkakaroon ng positibong paniniwala na ang pagtatapos sa *in-person practicum* at kolehiyo ay makakatulong sa mas magandang kinabukasan<br>Makitang natututo ang mga mag-aaral bilang pandagdag sa positibong pananaw<br>Pagmamahal sa kursong BSED Filipino upang mapanatili ang positibong pananaw |
| Pagganyak sa Interes ng mga Mag-aaral | Pagkakaroon ng kaalaman sa interes ng mga mag-aaral<br>Paggamit ng mga kawili-wiling estratehiya sa pagtuturo<br>Paggamit ng teknolohiya at mga edukasyonal na laro upang mas lalong maengganyo ang mga mag-aaral<br>Pagtukoy sa interes ng mga mag-aaral upang maengganyo sila sa loob ng klase<br>Pagkilala sa mga mag-aaral upang makaisip ng mga gawaing hindi sila mababagot<br>Pagsasagawa ng mga gawaing gaganyak sa mga mag-aaral na makilahok sa klase |
| Pagpapanatili ng Pasensya bilang Practicumer | Pagpapahaba ng pasensya sa tuwing naiingayan na sa mga mag-aaral<br>Pagpapanatili ng pasensya lalo na sa iba-ibang personalidad ng mga mag-aaral<br>Pag-unawa sa pagkakaibaiba ng mga mag-aaral upang mapahaba ang pasensya |

**Mga Pananaw ng mga BSED Filipino *Pre-service Teachers* sa Pagbabalik ng *In-Person Practicum***

Nang maanalisa ang tugon at kasagutan ng mga partisipante sa ikatlong katanungan tungkol sa mga pananaw ng mga BSED Filipino *pre-service teachers* sa pagharap sa mga hamon ng *in-person practicum* ay isa-isa nilang inilahad ang kanilang mga ideya.

Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante ay nakabuo ang mga sumusunod na tema: (1) *in-person practicum* bilang isang makabuluhang karanasan; (2) *in-person practicum*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

bilang isang mapaghamong karanasan; at (3) isang multi-task na propesyon. Ang mga pangunahing ideya at mga tema tungkol sa mga naranasang hamon ay makikita sa ikatlong talahanayan.

**Talahanayan 3**
**Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Tungkol sa mga Pananaw ng BSED Filipino *Pre-service Teachers* sa Pagbabalik ng *In-person Practicum***

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| *In-person* Practicum bilang isang Makabuluhang Karanasan | Pagkakaroon ng makatotohanang karanasan sa pagtuturo<br>Pagkakalantad sa reyalidad ng pagtuturo<br>Pagkakaroon ng pang-unawa sa totoong pagpapahala ng klasrum<br>Pagkakaroon ng kamulatan sa totong senaryo ng pagtuturo at pagkatuto<br>Pagkakaroon ng ideya kung magpapatuloy pa ba sa propesyon<br>Pagpapalago ng kakayahan sa pagtuturo<br>Pagkakaroon ng mahahalagang aral |
| *In-person* Practicum bilang isang Mapaghamong Karanasan | Pagkadama ng kakaibang saya dala ng *in-person practicum*<br>Pagkatuwa na makita ang mga mag-aaral na ginagawa ang mga gawaing binigay<br>Pagkakaroon ng hindi malilimutang oportunidad at alaala<br>Pagpapataba ng puso dulot ng mga positibong komento ng mga mag-aaral<br>Pagdadala ng mga hindi malilimutang karanasan mula sa *in-person practicum* |
| Isang *Multi-task* na Propesyon | Pagkatanto na hindi biro ang hirap at pagod ng isang guro<br>Pagiging pangalawang magulang ng mga mag-aaaral na tutulong sa paghubog ng kanilang pagkatao<br>Pagharap sa maraming hamon sa propesyon ng pagtuturo ngunit lahat ay may solusyon<br>Pagkatanto na hindi biro ang propesyon ng pagtuturo sapagkat iba-iba ang istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral<br>Pagkatanto na isang sakripisyo ang pagtuturo ngunit nakakapagbigay ng masarap na pakiramdam |

**Pangwakas na Pahayag**

Sa pagwawakas ng aking pag-aaral, aking napagtanto na ang bawat tema, mula sa Pangangamba sa Harapang Pagtuturo hanggang sa Isang Multi-task na Propesyon, ay sumasalamin sa dinamiko at komplikadong kalikasan ng larangan ng edukasyon. Ang mga hamong ito, bagamat nakakatakot, ay nagsilbi ring daan para sa personal at propesyonal na pag-unlad. Aking natutunan na sa bawat suliranin, may nakatagong oportunidad para sa pagbabago at paglago, hindi lamang para sa mga guro kundi pati na rin para sa mga mag-aaral.

Dagdag pa, ang pag-aaral na ito ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagkakaroon ng isang matibay na support system. Ang suportang ito, mula sa kapwa guro, administrasyon, pamilya, at komunidad, ay mahalaga hindi lamang sa pagharap sa mga hamon kundi pati na rin sa pagpapanatili ng positibong pananaw sa pagtuturo. Ito ay nagpapaalala sa akin na sa bawat yugto ng ating propesyonal na buhay, mahalaga ang pagkakaroon ng isang network na magbibigay ng suporta, gabay, at inspirasyon.

Maliban pa rito, ang mga tema tulad ng Suliranin sa Pamamahala ng Oras at Kakulangan sa Kahandaan para sa Agarang Pagbabalik ng In-person Practicum ay nagpapakita ng pangangailangan para sa adaptasyon at pagbabago sa harap ng mabilis na pagbabago ng teknolohiya at mga pangangailangan ng sektor ng edukasyon. Aking natutunan na ang pagiging bukas at handa sa pagbabago ay susi sa pagiging epektibo at relevant bilang isang edukador sa modernong panahon.

Gayon din, ang pag-aaral na ito ay nagbigay-diin din sa kahalagahan ng propesyonalismo at pagkamalikhain sa pagtuturo. Ang temang Pagganyak sa Interes ng mga Mag-aaral at Pagpapanatili ng Pasensya bilang Practicumer ay nagpapaalala sa akin na ang pagiging guro ay hindi lamang isang trabaho kundi isang sining at misyon na nangangailangan ng dedikasyon, pasensya, at pagkamalikhain.

Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay hindi lamang nagbigay ng pananaw sa mga hamon at oportunidad sa larangan ng edukasyon kundi nagbigay rin ng inspirasyon sa akin na magpatuloy na mag-ambag at mag-innovate sa sektor na ito. Ang mga aral na aking natutunan ay gagamitin ko bilang gabay sa aking patuloy na paglalakbay bilang isang edukador at mananaliksik. Sa huli, ang pagtuturo ay isang patuloy na proseso ng pag-aaral, pagtuklas, at pagbabahagi ng kaalaman, hindi lamang para sa sarili kundi para sa kinabukasan ng bawat mag-aaral na ating hinuhubog.

## REKOMENDASYON

Ang mga lumabas na tema sa pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang insight sa kasalukuyang estado at mga hamon ng

praktika ng pagtuturo para sa mga pre-service teachers. Mula sa mga temang tulad ng pangangamba sa harapang pagtuturo, mahirap na pangangasiwa sa silid-aralan, hanggang sa pagpapanatili ng positibong pananaw sa pagtuturo, ang bawat isa ay nagpapakita ng iba't ibang aspeto na nakakaapekto sa karanasan at pagganap ng mga pre-service teachers sa kanilang propesyon.

Ang pagkilala sa mga pangamba at stress na nararanasan sa harapang pagtuturo at sa pangangasiwa ng silid-aralan ay kritikal. Ito ay nangangailangan ng pagpapatupad ng mga epektibong estratehiya para sa stress management at professional development. Ang pagbibigay ng sapat na training at suporta, tulad ng pagpapalakas ng kakayahan sa classroom management at pagbibigay ng mga resource para sa mental health, ay esensyal upang matulungan ang mga pre-service teachers na maging mas kompetente at mas matatag sa harap ng mga hamon.

Gayunpaman, ang pagpapanatili ng positibong pananaw sa pagtuturo ay mahalaga para sa personal at propesyonal na pag-unlad ng mga pre-service teachers. Ito ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng patuloy na pagpapahalaga sa kanilang trabaho at ang pagtuklas ng mga bagong pamamaraan upang mapanatili ang kanilang motibasyon at sigla sa pagtuturo. Ang pagbibigay ng mga oportunidad para sa professional growth, tulad ng mga seminar at workshop, ay makakatulong sa mga pre-service teachers na palawigin pa ang kanilang kaalaman at kasanayan.

Ang tema na pagganyak sa interes ng mga mag-aaral at pagkakaroon ng matibay na support system ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pagtugon sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral at pagpapatibay ng relasyon sa pagitan ng guro at estudyante. Ito ay nangangailangan ng pagiging sensitibo sa iba't ibang learning styles at pangangailangan ng mag-aaral, at pagpapatupad ng mga inclusive at interactive na pamamaraan sa pagtuturo upang mas maging engaging at makabuluhan ang kanilang pag-aaral.

Sa ganitong konteksto, napakahalaga na ang mga paaralan at iba't ibang institusyon ng edukasyon ay magtakda ng sapat na mga suportang pisikal, mental, at propesyonal para sa kanilang mga pre-service teachers. Ang pagkakaroon ng maayos na sistema ng mentoring at pagtuturo, kasama ang regular na feedback at suporta mula sa mga experienced teachers at mga guro sa pag-unlad, ay maaaring makatulong sa paghubog at pagpapaunlad ng mga pre-service teachers sa kanilang propesyon.

Samakatuwid, ang implikasyon ng mga lumabas na tema sa praktika ng pagtuturo ay malawak at multifaceted. Ang pagharap sa mga hamong ito ay nangangailangan ng holistikong diskarte na sumasaklaw hindi lamang sa personal na aspeto ng mga pre-service teachers kundi pati na rin sa institusyonal at sistemikong lebel. Sa pamamagitan ng pagtugon sa mga temang ito, maaaring mapabuti hindi lamang ang kagalingan at kasiyahan ng mga pre-service teachers kundi pati na rin ang kalidad ng edukasyon na kanilang naibibigay. Sa huli, ang pag-unlad at pagpapahusay sa praktika ng pagtuturo ay isang patuloy na proseso na nangangailangan ng dedikasyon, adaptability, at patuloy na pag-aaral mula sa lahat ng stakeholder sa larangan ng edukasyon.

Para sa mga susunod na mananaliksik, isang magandang direksyon ay ang pagsaliksik sa iba't ibang aspeto ng karanasan ng mga BSED-Filipino pre-service teachers sa kanilang pagbabalik sa in-person practicum. Maaaring isaalang-alang ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan tulad ng kwalitatibong at kuantitatibong pag-aaral upang mas mapalalim ang pag-unawa sa paksa. Mahalaga rin na suriin ang mga potensyal na hamon at hadlang na kanilang kinakaharap sa kanilang practicum, pati na rin ang mga estratehiya at suporta na kanilang natatanggap mula sa kanilang mga institusyon at guro.

Pangalawa, maaaring magkaroon ng pagpapalawak sa saklaw ng mga kalahok sa pag-aaral upang mas maging representatibo ito sa iba't ibang mga pre-service teachers mula sa iba't ibang mga institusyon at antas ng edukasyon. Dagdag pa rito, mahalaga rin na isaalang-alang ang papel ng teknolohiya sa kanilang mga karanasan at paano ito maaaring makatulong sa kanilang pagpapaunlad bilang guro.

Sa pangatlo, maaring pag-aralan ang mga implikasyon ng kanilang practicum sa pagkatuto ng mga mag-aaral, anuman ang mga positibong epekto nito sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Ito ay upang maipakita ang layunin ng programa ng edukasyon para sa mga guro at ang kanilang papel sa pagpapaunlad ng mga estudyante.

Sa mga sumusunod na pananaliksik, mahalaga ring suriin ang mga epekto ng practicum sa kanilang mga guro sa hinaharap, kasama na ang kanilang kakayahan sa pagtuturo, pagpapamalas ng leadership, at ang kanilang pangmatagalang pagpapaunlad bilang propesyonal sa larangan ng edukasyon.

## TALASANGGUNIAN

1. *Ismail, S. A. A., & Jarrah, A. M. (2019). Exploring Pre-Service Teachers' Perceptions of Their Pedagogical Preferences, Teaching Competence and Motivation. International Journal of Instruction, 12(1), 493-510.*
2. *Lee, H., & Sim, J. H. (2020). Pre-service teachers' worries in the teaching practicum: Implications for teacher education. Journal of Education for Teaching, 46(3), 344-356.*
3. *Low, E. L., & Tam, C. P. (2020, April). Singapore's education efforts against the global pandemic (before Circuit Breaker on 8 April 2020) [Memo]. Compiled from published media including The Straits Times, Channel News Asia, and the Singapore Ministry of Education's official Facebook page.*
4. *Napanoy, J. B., Gayagay, G. C., & Tuazon, J. R. C. (2021). Difficulties Encountered by Pre-service Teachers: Basis of a Preservice Training Program. Universal Journal of Educational Research, 9(2), 342-349.*
5. *Nguyen, H. T. M., Nguyen, T. T. M., & Nguyen, L. H. (2019). Enhancing pre-service teacher education through online and face-to-face interaction: A case study in Vietnam. Teaching and Teacher Education, 79, 77-87.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 3| March 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

6. *Tan, E., & Lim, K. M. (2018). Pre-service teachers' perceptions and readiness towards online learning and teaching practice. Journal of Technology and Science Education, 8(1), 22-37.*
7. *Ufuk, A. T. A. Ş. (2022). A Qualitative Exploration into Beliefs of Pre-service EFL Teachers about School Experience. Bartın University Journal of Faculty of Education, 11(2), 280-293.*